

## **Umiiral at binabalak na mga hakbangin sa pagtataguyod ng pagkakapantay ng lahi**

### **Departamento ng Kapakanang Pantahanan**

Isa sa pangunahing mga papel ng Departamento ng Kapakanang Pantahanan (“HAD”) ay upang pabutihin ang komunikasyon sa pagitan ng Pamahalaan at mga miyembro ng publiko. Sa bagay na ito, ang HAD ay nagsusumikap na unawain at sumasalamin sa mga hangarin ng komunidad na may pananaw na tutulungan ang pagbabalangkas sa mga patakaran ng Pamahalaan, at tulungan ang mga gawain ng iba’t ibang mga departamento sa mga distrito.

Ang HAD ay naglalagay ng malaking kahalagahan na makakaya ng mga tao sa magkakaibang mga lahi na magkaroon ng akses sa impormasyon ng pamahalaan at mga serbisyong binigay ng Kagawaran. Inilagay ang mga hakbang na mapapabuti ang pagkakapantay ng lahi at pantay na akses sa aming mga serbisyo ng komunidad para sa mga tao sa iba’t ibang mga lahi.

#### **A. Serbisyo sa Katanungan ng Publiko**

Mga  
Serbisyong  
Nababahala

- Ang publiko ay makakakuha ng impormasyon tungkol sa mga serbisyo ng pamahalaan mula sa Mga Sentro ng Katanungan sa Mga Kapakanan ng Tahanan (“Mga Sentro ng Katanungan”) sa 18 Mga Tanggapan ng Distrito. Upang siguraduhin na ang serbisyo sa katanungan ng publiko ay madaling maaakses ng publiko anuman ang kanilang likurang lahi, ang mga panukala ay isinagawa upang mapaglaban ang hadlang ng wika sa pagbibigay ng serbisyo.

Mga  
Umiiral na  
Hakbangin

- Ang mga polyeto ng impormasyon at mga libreto sa mga wika ng mga lahi ay ginawang makukuha at tanyag na ipinakita sa Mga Sentro ng Katanungan.
- Ang serbisyong pagpakahulugan ay isasaayos kung kailangan at naaangkop kapag ang mga tagagamit ng serbisyo sa iba’t ibang mga lahi ay naghanap ng libreng ligal na serbisyo sa ilalim ng Pamamaraang Libreng Ligal na Payo na pinangasiwaan ng Serbisyo ng Nanungkulang Abogado.

- Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain
- Ang mga mungkahi para sa pagpapabuti galing sa mga tagagamit ng serbisyo sa iba't ibang mga lahi ay itala at isaalang-alang.
  - Ang puna sa pagkapektibo ng serbisyo sa pagpapakahulugan ay kokolektahin galing sa mga tagagamit ng serbisyo sa iba't ibang mga lahi upang repasuhin at pabutihin.

**B. Pangangasiwa ng Pagpapahayag/Panunumpa para sa Pribadong Paggamit**

- Mga Serbisyong Nababahala
- Mga miyembro ng publiko ay maaaring makakagamit sa libreng serbisyo ng Pangangasiwa ng Pagpapahayag/Panunumpa (kabilang ang Pagkumpirma sa halip ng Panunumpa) sa alinmang dalawang opisyal na mga wika sa Hong Kong (iyan ay Tsino at Ingles) na ibinigay sa aming Mga Sentro ng Katanungan para sa pribadong paggamit.

- Mga Umiiral na Hakbangin
- Kapag ang tagagamit ng serbisyo sa iba't ibang mga lahi ay hindi makapagsalita sa opisyal na mga wika, isang kawani ng Sentro ng Katanungan ay magsasaayos ng serbisyong pagpapakahulugan para sa kanya.
  - Mga polyeto ng impormasyon sa serbisyo ng pagpapahayag/panunumpa sa pangunahing mga wika sa iba't ibang mga lahi ay gawing makukuha at tanyag na ipapakita sa Mga Sentro ng Katanungan.

- Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain
- Susukatin ng kawani ng Sentro ng Katanungan ang mga pananaw ng mga tagagamit ng serbisyo sa iba't ibang mga lahi sa pamamagitan ng pagsusuri upang mas mauunawaan ang kanilang mga pangangailangan at makagawa ng pagpapabuti kung kinakailangan at naaangkop.

### C. Mga Serbisyong Suporta sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian

- |  |  |
|--|--|
| Mga Serbisyong Nababahala                    | <ul style="list-style-type: none"><li>● Ang Yunit ng <u>Suporta sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian</u> (“EBSU”) ng HAD ay nagbibigay ng mga serbisyong suporta para sa mga benepisyaryo ng ari-arian ng tao na namatay noong o matapos ang ika-11 ng Pebrero 2006 na itinakda sa mga seksyon 60B, 60C, 60D, 60E, 60F, 60G at 60K ng Ordinansa ng Pagpapatibay at Pangangasiwa (Cap.10), na higit sa lahat ay nagsasama ng isyu ng <b>Paunawa ng Kumpirmasyon</b> upang pangangasiwaan ang maliit na ari-arian na hindi lumampas sa HK\$50,000 at <b>Sertipiko para sa Kailangang Pagsusuri sa Deposit Box ng Bangko</b>. Upang siguraduhin na ang mga serbisyong suporta para sa mga benepisyaryo ng ari-arian ay madaling maaakses ng publiko anuman ang kanilang likurang lahi, isinagawa ang mga hakbang upang pagtagumpayan ang hadlang ng wika sa pagbibigay ng serbisyo.</li></ul> |
| Mga Umiiral na Hakbangin                     | <ul style="list-style-type: none"><li>● Ang serbisyo ng pagpapakahulugan ay isasaayos para sa mga naghahanap ng serbisyo sa iba’t ibang mga lahi na hindi makapagsalita ng opisyal na mga wika.</li></ul>  |
| Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain             | <ul style="list-style-type: none"><li>● Mga mungkahi para sa pagpapabuti mula sa mga tagagamit ng iba’t bang mga lahi ay itatala at isasaalang-alang.</li><li>● Susukatin ng kawani ng EBSU ang mga pananaw ng mga tagagamit sa iba’t ibang mga lahi sa pamamagitan ng pagsusuri upang mas mauunawaan ang kanilang mga pangangailangan at makagawa ng pagpapabuti kung kinakailangan at naaangkop.</li></ul>   |
| Karagdang Mga Hakbang na Ginamit / Gagamitin | <ul style="list-style-type: none"><li>● Mga polyeto ng impormasyon at mga libreto sa pangunahing mga wika sa iba’t ibang mga lahi ay gawing makukuha sa online at ipapakita sa counter ng serbisyo ng EBSU.</li></ul>  |

#### **D. Pagsasanay para sa Mga Kawani**

- |                                  |  |
|----------------------------------|--|
| Mga Serbisyong Nababahala        | ● Upang pabubutihin ang kamalayan ng kawani ng HAD sa pagkamaipagdamdam at ang kanilang pag-uunawa sa Ordinansa ng Diskriminasyon sa Lahi.   |
| Mga Umiiral na Hakbangin         | ● Ang HAD ay magpapatuloy na makikipagtulungan sa Komisyon ng Pantay na Mga Oportunidad, ang Kagawaran ng Konstitusyonal at Pangunahing mga Gawain, Pagsasanay sa Serbisyong Sibil at Instityut ng Pag-uunlad o kaugnay na mga organisasyong hindi-panggobyerno upang magbibigay ng pagsasanay sa mga kawani ng HAD. |
| Pagtatasa ng Hinaharap na Gawain | ● Ang puna ng kawani ay makukuha kasama ng pananaw na mapapabuti ang mga nilalaman ng mga materyales ng pagsasanay.  |

#### **E. Katanungan**

Katanungan sa umiiral at binabalak na mga panukala ng HAD sa pagtataguyod sa pagkakapantay ng lahi ay maaaring idirekta sa –

- Serbisyo sa Katanungan ng Publiko at Pangangasiwa ng Pagpapahayag/Panunumpa para sa Pribadong Paggamit

Kontak: Ehekutibong Opisyal (Serbisyo sa Katanungan ng Publiko)  
Telepono num.: 2835 1731  
Fax No.: 2834 3377  
Email: hadgen@had.gov.hk

- Mga Serbisyong Suporta sa Mga Benepisyaryo ng Ari-arian

Kontak: Senior Klerikal Opisyal (Mga Benepisyaryo ng Ari-arian) 2  
Telepono num.: 2835 1770  
Fax No.: 2122 9477  
Email: ebsu@had.gov.hk

**Departamento ng Kapakanang Pantahanan**  
**Hunyo 2020**